# Komisyon sa mga Katayuan ng mga Kababaihan

2023 – 2026

**Estratehikong Plano**

## Ang Ating Misyon

Ang layunin ng Komisyon ng Lungsod ng Glendale sa Katayuan ng Kababaihan ay isulong ang katarungang panlipunan at pagkamakatao at matiyak ang pagkakapantay-pantay ng mga karapatan at pagkakataon para sa lahat ng kababaihan at mga batang babae sa Glendale sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga bago at pagpapalakas ng mga umiiral na tulay sa pagitan ng iba't ibang mga grupo, organisasyon, ahensya at indibidwal sa Lungsod; sa pamamagitan ng pagtaas ng antas ng kaalaman sa komunidad hinggil sa mga isyu ng kababaihan at sa katayuan ng kababaihan sa ating komunidad; sa pamamagitan ng paghikayat at pagtataguyod ng pakikilahok; at sa pamamagitan ng pagtaas ng bisibilidad ng mga kababaihan sa lahat ng larangan ng buhay sa Glendale (kabilang ang tahanan, trabaho, paaralan, at pamahalaan).

## Ang Ating Pangitain

Ang Glendale ay isang lungsod kung saan ang ganap na natantong potensyal ng lahat ng kababaihan at batang babae ay nagpapayaman sa buong komunidad; kung saan ang lahat ng kababaihan at batang babae ay may pantay na karapatan, pagkakataon, at pagpili na ginagamit nang malaya, komportable at ligtas; kung saan ang lahat ng kababaihan at batang babae ay may malakas na tinig at pantay na pakikilahok sa mga gawain ng komunidad; at kung saan ipinagdiriwang ang pagkakaiba-iba.

## Ang Ating mga Pagpapahalaga

Ang ating gawain ay gagabayan ng mga sumusunod na pagpapahalaga:

- Pagkakapantay-pantay
- Kaalaman
- Pagiging Patas
- Pagbibigay-kapangyarihan
- Pagkakaiba-iba
- Kaalaman
- Pagtutulungan
- Paggalang

## Estratehikong Layunin 1:
# Suriin at Tasahin

### Mga Mithiin:

- **Suriin ang katayuan ng kababaihan at mga batang babae sa Glendale, kabilang ang paglalathala ng updated na ulat tungkol sa katayuan ng mga kababaihan at batang babae batay sa magagamit na publikong datus sa lokal, estado, at pambansang antas**
- **Suriin at tukuyin ang mga puwang sa mga umiiral na serbisyo/resources para sa mga kababaihan at mga batang babae sa komunidad**
- **Humingi ng feedback sa komunidad para matukoy ang mga isyu at pangangailangang kinahaharap ng mga kababaihan at mga batang babae sa Glendale**

Ang malalim na pag unawa sa katayuan at kagalingan ng mga kababaihan at mga batang babae sa ating komunidad ay pamantungan sa epektibong paglilingkod sa ating magkakaibang komunidad at sa paggawa ng mga maalam na rekomendasyon sa Sangguniang Panlungsod. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga umiiral na resources, hinahangad ng Komisyon na isulong ang misyon nito at dagdagan ang access sa mga resources na iyon para sa mga kababaihan at batang babae na nangangailangan nito. Ang Komisyon ay nagpapanatili ng isang patuloy na pagtatasa ng mga isyu at mga pangangailangang humaharap sa mga kababaihan at mga batang babae sa Glendale. Ang pagtitipon ng umiiral na impormasyon at pagtukoy sa mga umiiral na mapagkukunan ay nagpapahintulot sa Komisyon na gumawa ng mga rekomendasyon at suportahan ang mga programa na nagpapasulong sa mga layunin at misyon ng Komisyon.

## Estratehikong Layunin 2:
# Pagpapaunlad ng Patakaran, Pagtataguyod at Pagpapayo

### Mga Mithiin:

- **Magrekomenda sa Sangguniang Panlungsod ng mga batas at patakaran na may kaugnayan sa katayuan ng mga kababaihan at mga batang babae sa Glendale**
- **Magbigay-payo at ipagtanggol ang mga isyu ng mga kababaihan at batang babae sa komunidad kung naaangkop**

Bilang konsehong tagapayo sa Sangguniang Panlungsod, isa sa mga pangunahing gawain ng Komisyon ay ang magrekomenda ng patakaran. Ang Komisyon ay nakatuon sa pagiging maalam tungkol sa kasalukuyan at nalalapit na mga isyu, patakaran, at batas na may kaugnayan sa kapakanan ng mga kababaihan at mga batang babae sa Glendale upang makagawa ng mga rekomendasyon sa naturang mga isyu, patakaran, at batas sa Sangguniang Panlungsod. Bilang bahagi ng gawain na ito, sinusubaybayan din ng Komisyon ang batas sa antas ng estado at pederal na nakaaapekto sa mga kababaihan at batang babae, at nagpapayo at nagtataguyod sa mga isyung ito kung naaangkop.

Estratehikong Layunin 3:

## Edukasyon, Kamalayan at Outreach

### Mga Mithiin:

- **Dagdagan ang antas ng kaalaman sa komunidad hinggil sa mga isyu ng mga kababaihan at batang babae at kapakanan ng mga kababaihan sa komunidad**

- **I-maximize ang kamalayan sa mga serbisyo at resources na available sa mga kababaihan at mga batang babae**

- **Maghikayat ng mga pakikipagsosyo at makipag-alyansa sa mga organisasyon sa komunidad upang isulong ang misyon ng Komisyon na suportahan ang mga kababaihan at mga batang babae sa Glendale**

- **Kilalanin at makibahagi sa pagdiriwang ng pandaigdigan, pambansa at lokal na mga petsa at buwan na itinatag upang kilalanin ang mga tagumpay ng mga kababaihan at itaas ang kamalayan sa mga isyung may kaugnayan sa mga pangangailangan ng mga kababaihan at batang babae, tulad ng International Women's Day at Domestic Violence Awareness Month**

Ang pagbibigay ng mga resources at edukasyon sa komunidad ay isang mahalagang serbisyong pampubliko na iniaalok ng Komisyon. Iba't ibang mga grupo ng komunidad at organisasyon ay inaanyayahang dumalo sa mga pulong ng Komisyon at maglahad ng impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan at serbisyong iniaalok sa mga kababaihan at mga batang babae sa ating Lungsod. Kinikilala ng Komisyon ang kahalagahan ng pagbuo ng mga alyansa at pakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon ng komunidad upang itaas ang kamalayan sa mga isyu na nakaaapekto sa katayuan, kagalingan at pagkakataon ng tagumpay ng mga kababaihan at mga batang babae sa Glendale. Ang mga interesadong kasosyo sa komunidad ay patuloy na kinikilala at hiniling na sumali at makipagtulungan sa Komisyon sa gawain nito upang matulungan ang mga kababaihan at batang babae na lubos na mapagtanto ang kanilang potensyal at magkaroon ng malakas na tinig sa lahat ng aspeto ng ating komunidad. Ang Komisyon ay nagtuturo sa komunidad tungkol sa gawain nito sa pamamagitan ng website ng Lungsod (**glendaleca.gov/women**), na nagbibigay ng access sa impormasyon, serbisyo, at mga mapagkukunan na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng mga kababaihan at mga batang babae.

# ITINATAG NG CSW ANG MGA LAYUNIN AT MITHIING ITO PARA SA

# 2023 - 2026

## Panata sa Ating Komunidad

Dahil sa mga pinahahalagahang ito, ang Komisyon sa Katayuan ng mga Kababaihan sa Siyudad ng Glendale, upang magkaroon ng tiwala at mapatatag ang kredibilidad sa komunidad, ay nangangakong magtrabaho sa bukas, kolaboratibo, at mapagpabilang sa kultura na paraan para sa ikabubuti ng lahat ng kababaihan at batang babae na nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Glendale; upang maging magalang at sensitibo sa iba't ibang kultura ng Lungsod; at upang kilalanin ang mga serbisyong ibinibigay ng mga umiiral na ahensya na sumusuporta at tumutulong sa mga kababaihan.

### Sangguniang Panlungsod

Daniel Brotman, Mayor
Ara Najarian
Paula Devine
Ardy Kassakhian
Elen Asatryan

### Komisyon sa Katayuan ng Kababaihan

Diane Lambillotte, Chair
Seda Khojayan
Armine Perian
Susan Broussalian
Sona Tatiyants

## Makipag-ugnay sa Komisyon sa Katayuan ng Kababaihan

**Commission on the Status of Women**
City of Glendale, Office of the City Clerk
613 E. Broadway, Suite 110
Glendale, CA 91206

**women@glendaleca.gov**
**www.glendaleca.gov/women**

**(818) 548-2090**